## Nasa Loob


Tax Relief at Condonation sa penalties at multa para sa delinquent REAL PROPERTY TAXES pinalawig hanggang Disyembre 20,2013 p2

14 na sityo lalagyan ng Solar Home Systems p2

2014 ANNUAL BUDGET sinisimulan ng balangkasin p2

Day Care Workers, nagsanay para sa children with special needs p3

Message of Gov. Edgardo A. Tallado (2nd Triennial Convention of Teachers, August 29, 2013) p4

Mga piling larawan p5

Talakayan sa Kahandaan sa Panganib p6

Pagdiriwang ng Buwan ng Wika muling binuhay ang Balagtasan p6

Queen Pineapple Production Technology dinayo ng mga Sorsogeños p7

Mais na Gamot sa Diabetes, pararamihin p7



Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Edgardo A. Tallado



The Department of the Interior and Local Government
confers this
SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING
to the Province of Camarines Norte for CY 2011
in recognition of its efforts in advancing the principles of accountability and transparency in local governance.
JESSE M. ROBREDO
Secretary




# BEST PDDRMC MULI ANG CAMNORTE

Napatunayang muli ang pagiging pinakamagaling na *Provincial Disaster Risk Reduction Management Council* (PDRRMC) ng Camarines Norte dahil sa taong ito ay muli itong napili bilang BEST PDRRMC sa rehiyong bikol.

Dahil ang buwan ng Hulyo ay *National Disaster Consciousness Month*, isinagawa ang *Awarding Ceremony* noong Hulyo 29) sa La Piazza Hotel, Legazpi City kasabay sa pagdaraos ng *Regional Summit on Disaster Risk Reduction Management (DRRM) for Local Chief Executives (LCE).*

Sa ngalan ng Camarines Norte, si Bise Gob. Pimentel, bilang Acting Governor, kasama *si* Dr. Carlos Galvez, ang hepe ng tanggapan ng PDRRM ang tumanggap ng tropeo ng Gawad KALASAG.

Maliban pa dito, tatlong paaralan mula pa rin sa ating lalawigan ang kinilalan dahil sa husay sa *DRRM preparedness.*

Ito ang: Camarines Norte National High School- First Place *sa Best School Urban Category;* DQ Liwag National High School- First Place *sa Best School Rural Category at* San Felipe National High School- Second Place *sa Best School Rural Category*

Pumuntos ang Camarines Norte PDRRMC sa lahat ng hinihingi ng *criteria at guidelines* ng patimpalak tulad ng mga programa

(Sundan sa pahina 3)




# RPOC meeting isinagawa dito, iniulat, insurgency sa Bikol di malubha




Hindi malubha ang insurgency problem sa Bikol region, ayon sa ulat ng Philippine Army sa isinagawang Regional Peace and Order Council meeting noong Agosto 6, 2013 sa Daet, Camarines Norte na pinamumunuan ni Gob. Edgardo A. Tallado

Ang Regional Peace and Order Council (RPOC) Meeting ay isinagawa rito noong Agosto 6 sa Catherine's Lighthouse, Brgy. Bagasbas, Daet na pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang kasalukuyang tagapamuno ng Peace and Order Council ng Rehiyong Bikol.

Si Regional Director Blandino Balmaceda ng DILG at siyang Chairperson ng RPOC 5 Secretariat ang nakatuwang ng gobernador sa pagpapadaloy ng talakayan ukol sa mga isyu at usaping panseguridad, pangkapayapaan at kaayusan na nakakaapekto sa Rehiyong Bikol.

Sa ulat ng Philippine Army, sinabi na hindi na malubha ang *insurgency problem* sa rehiyong bikol kumpara sa mga nakalipas na taon. Maraming negosyo ang umusbong na indikasyon ng pagkakaroon ng kapayapaan at maayos na seguridad sa Bikol. Gayunpaman, hiniling ng RPOC na gumawa ang Phil. Army ng *5 year situationer report* simula 2008-20013.

Sa pag-uulat ng *Philippine Drug Enforcement Agency* sa kanilang operasyon sa Rehiyon 5, nagkaroon ng mga rekomendasyon kung paano pa mapapalakas ang kampanya laban sa droga. Hiniling ni Gob. Tallado na paigtingan ang imbestigasyon sa mga minahan na gumagamit ng droga para sa mga manggagawa. Sinabi niya na nais niyang maging *drug-free* ang Camarines Norte.

Sa pag-uulat ukol sa estado ng implementasyon ng proyektong PAMANA o *Payapa at Masaganang Pamayanan* ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process,* P 681 milyon ang pondong nailaan para sa 2012 at 2013 sa Bikol.

Ang PAMANA ay prayoridad na programa

(Sundan sa pahina 3)

# Tax Relief at Condonation sa penalties at multa para sa deliquent REAL PROPERTY TAXES pinalawig hanggang Disyembre 20,2013

Kayo ba ay hindi pa nakapagbabayad ng inyong *real property taxes*? Kung gayon, huwag na kayong magalala sapagkat ang palugit sa pagbabayad ng *delinquent real property taxes* ay pinalawig pa hanggang Disyembre 30, 2013. Ito ay sa bisa ng Panlalawigang Resolusyon Blg. 160-2013 na nag-a-*adopt* sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 10-13 na nagpapalawig sa *tax relief* at *condonation* sa *penalties* at *surcharges* para sa mga *delinquent real property taxes*, at pagbibigay ng 10% diskwento para sa mga regular at maagang magbayad ng buwis.

Isinulong ng nakaraang pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang naturang ordinansa bilang pagsang-ayon na rin nila sa inihaing petisyon ng *Provincial Agrarian Reform Coordinating Committee (PARCCOM)* na palawigin ang *tax amnesty* para sa kapakanan ng mga *Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs)* at iba pang may-ari ng lupain sa lalawigan.


Kamakailan ay pinagtibay ni Gob. Edgardo A. Tallado ang ordinansa ng nakaraang pamunuan ng SP na kinabibilangan nina Bokal Teresita DL. Malubay, Bokal Erwin L. Lausin, Bokal Joeffrey B. Pandi, Bokal Godfrey A. Parale, at Bokal Edgar E. Dasco ng Unang Distrito, at sina Bokal Ruth f. Herrera, Bokal Rodolfo V. Gache, Bokal Romeo R. Marmol, Bokal Ligaya Lo-Pedron at Bokal Gerardo G. Quiñones mula sa Ikalawang Distrito.

Sinabi ng *PARCCOM* sa kanilang petisyon na sa isinagawa umano nilang pagtaya sa estado ng mga *ARBs*, lumabas na karamihan sa kanila ay walang indibidwal na *Tax Declaration (TD)* na siyang basehan sa pagbabayad nila ng *real property taxes*. Dahil dito, kailangan ng dagdag na panahon ng *Department of Agrarian Reform (DAR)* at iba pang ahensya ng pamahalaan para ang mga *ARBs* ay maisyuhan ng *TDs* ng mga kaukulang *Assessor's Office*.

Ang mga amnestiyang nakapaloob sa Resolusyon Blg. 253-2012 at Panlalawigang Ordinansa Blg. 24-12 ay ipatutupad pa rin sa ilalim ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 10-13 na nag-aatas din sa *Provincial Treasurer's Office (PTO)* na patuloy na magsagawa ng *massive awareness drive* sa 12 bayan ng lalawigan patungkol sa *tax amnesty extension* at iba pang kinakailangang aksyon.

Para sa mga hindi pa nakapagbabayad ng *RPT*, samantalahin ang nasabing amnestiya at magbayad ng buwis hanggang Disyembre 30 ngayong taon para makaiwas sa multa at iba pang karagdagang bayarin. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 14 na sityo lalagyan ng Solar Home Systems




Sa pamamagitan ng isang liham, ipinaabot kamakailan ni *Director IV* Mario Marasigan ng *Department of Energy (DOE)* kay Gob. Edgardo A. Tallado na natukoy nila ang 14 na sityo/purok sa ating lalawigan na magiging benepisyaryo ng kanilang *Household Electrification Program (HEP)* na gagamitan ng *Photovoltaic (PV) Solar Home Systems* o *PVSHS* para sa *off-grid electrification*.

Makakatulong ng *DOE* sa paghahatid ng serbisyong pailaw sa mga *coastal areas* ng lalawigan ang *Camarines Norte Electric Cooperative, Inc. (CANORECO)* na magsisilbing *distribution utility*.

Sa may 653 sambahayan *(households)* na sakop ng *PVSHS*, 66 na sambahayan mula sa 2 purok ng Macolabo *Island*, Paracale ang mabebenepisyuhan; 345 sa 6 na purok sa Banocboc Island, Vinzons; 63 sa 2 purok ng mangcawayan, Vinzons, at 179 sambahayan naman sa 4 na purok ng Pinagtigasan, Vinzons.

Nagsagawa rin kamakailan ng *Social Preparation (SP)* ang *DOE* katulong ang *CANORECO* at *Central Bicol State University of Agriculture-Affiliated Renewable Energy Center (CBSUA-AREC)*. Itinatag din nila ang kinakailangang *Solar Power Associations (SOPAs)* na siyang sasanayin para mangasiwa sa pagpatakbo at pagmantine ng naturang *HEP project*.

Ipinaabot ni Gob. Tallado ang malugod na pasasalamat sa *DOE* at *CANORECO* sa suporta nila sa kanyang isinusulong na elektripikasyon ng lahat ng sityo at mga purok sa lahat ng barangay sa lalawigan. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# 2014 ANNUAL BUDGET sinisimulan ng balangkasin

Alinsunod sa *budgeting calendar* na itinakda ng Provincial Budget Office (PBO), sinimulan na kamakailan ng *Local Finance Committee* ang *budget deliberation* para sa 2014 *Annual Budget* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Nauna rito ang ipinalabas na memorandum ng Punong Lalawigan, Edgardo A. Tallado na nagtakda ng *Policy and Guidelines in the Preparation of 2014 Budget Proposal*.

Isinasaad nito na kailangang malaanan ng badyet ang mga programang naghahatid ng mga pangunahing serbisyo sa tao tulad ng kalusugan at edukasyon; mga proyektong magaangat sa kalagayang ekonomiya ng lalawigan; magtataas ng kagalingang pantao at panlipunan; magpaglaaanan ng *counterpart funds* ang mga proyektong kaloob ng pamahalaang nasyonal at ang annual budget ng bawat tanggapan ay tumutugma sa mga direkyon at prayoridad ng kanyang pamunuan na alinsunod naman sa national development plans.

Bilang masinop na hakbang, may tagubilin din na hindi mapagkakalooban ng tulong pinansyal ang mga PO's and NGOs na hindi pa nakapagsusulit ng mga dating pondong tinanggap ng kanilang samahan.


Gayundin, ang mga *training at seminars* para sa mga taga kapitolyo ay isagawa sa mga pasilidad ng gobyerno upang hindi na gumastos at pati badyet sa pagkain ay sapat lamang.

Sa *budgeting calendar* na itinakda ng (PBO), gumawa na ang mga hepe ng mga tanggapan ng *budget estimate* bilang mahalagang pagbabasehan ng 2014 Annual Budget.

Noong nakaraang buwan ng Hunyo, ay naunang isinagawa ang *budget forum* kung saan tinalakay ang *Policy and Guidelines in the Preparation of 2014 Budget Proposal* upang matiyak na ito ay nababatay sa *Provincial Development and Physical Framework Plan at Local Development Investment Program*. Dumalo sa forum si Gob. Edgardo A. Tallado at ipinabatid ang kanyang mga prayoridad na programa at proyekto sa susunod na taon.

Sa *budget deliberation* na nakatakdang tapusin hanggang Agosto 9 ay susuriin ng *local finance committee* ang mga panukalang badyet na ilalahad ng mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan bago ito ganap na isumite sa tanggapan ng punong lalawigan. Ang local finance committee ay binubuo ng hepe ng Provincial Planning and Development Office, Provincial Accountant's Office, Provincial Treasurer's Office at Provincial Budget Office.

Maayos na ipinatutupad ng Provl. Budget Officer (PBO) na si Gng. Mercedes Alfuerte ang Budgeting Calendar upang siguruhin na maipapasa ito sa Sanggunian Panlalawigan sa tamang iskedyul at sa pagpasok ng taong 2014 ay napagtibay na ito.



MERCEDES M. ALFUERTE
Provincial Budget Officer

Samantala, si Mrs. Mercedes Alfuerte ang pumalit sa dating PBO na si Gng. Maribeth Malaluan na yumao noong Oktubre 1, 2012 dahil sa malubhang karamdaman.

Si Mrs. Alfuerte na isang certified public accountant ay dating Assistant Provincial Accountant at itinalaga ni Gob. Tallado na PBO noong Enero 4, 2013. Kumpirmado din ng Sanggunian Panlalawigan ang kanyang pagkakahirang. *jingacalimlim*

# Day Care...

*(Mula sa pahina 3)*

Ang temang *Overview of Special Education and its Legal Basis* ay tinalakay ni Cynthia R. dela Cruz, *Acting PSDWO* na pursigido sa kanilang mga gawain para sa mga *'special children'*.

Sa kasalukuyan, may 410 *day care workers* ang nagsilbi sa umaabot na 363 *day care centers* na matatagpuan sa iba't-ibang barangay sa12 bayan ng ating lalawigan ng Camarines Norte. Noong Enero 2012 ay itinaas ng gobernador ang badyet para sa *honorarium* ng mga *DCWs*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Day Care Workers, nagsanay para sa children with special needs

Humigit-kumulang sa 50 katao ang lumahok sa *Orientation-Seminar for Untrained Day Care Workers as an Advocacy for Children with Special Needs (CSENs)* na idinaos noong Hulyo 30-31, 2013 sa Paseo de Bienvenidas, Brgy. Mantagbac, Daet.

Kabilang sa dumalo si Jae Won Liam (Dennis) na isang *Korean volunteer student* ng *KOICA*, at ng dalawang mag-aaral sa kolehiyo na nagpa-*practicum* na boluntaryong nagsisilbi sa *Halfway Home* sa Bagasbas at ang isa naman ay volunteer sa *DSWD Provincial Field Office*.

Layunin ng naturang aktibidad na magkaroon ng karagdagang kaalaman ang mga *day care workers (DCWs)* sa paghawak sa kanilang *day care children (DCC)* na may espesyal na pangangailangan.

Layunin din nito na mas maunawaan ng mga *DCWs* ang pisikal, mental at emosyonal na sitwasyon ng mga *Children with Special Needs (CSENs)* at mas maramdaman nila ang pangangailangan na bigyan ng higit na atensyon ang mga *CSENs*.

Ang itaas ang kapabilidad ng *DCWs* ay isa



Nanumpa sa tungkulin ang bagong pamunuan ng Provincial Federation of Day Care Workers na binubuo ng mga sumusunod: President-Melinda Villagracia; Vice President-Loida R. Badina; Secretary Elsa Delima at Minda Villaflores; Auditor Belinda Viernes; PIO– Alicia Jacobo at Myrna Ibana; Business Managers– Eugene Pardo and Melinda Narzoles; Sgt at Arms– Norma Aragaon at Victoria Taberara

sa mga hakbang ng punong lalawigan Gob. Edgardo A. Tallado upang mas maging mahusay ang kanilang serbisyo.

Naging pangunahing tagapagtalakay rito sina Ms. Jocelyn L. Teodoro na tagapamuno ng *Daet SPED Center* gayundin si Ms. Maribel B. Rampas, *Special Education Teacher* sa F. Baldovino *E/S*.

Tinalakay rito ni Ms. Jocelyn L. Teodoro ang mga paksang *Learning Disabilities, Its Cause, Prevalence and Classification; Autism: Its Causes, Prevalence and Classification*, at ang *Assessment and Teaching Strategies on Children with Autism* na sinundan ng isang *demonstration teaching* para magkaroon ng paunang kasanayan ang mga *DCWs* sa pangangalaga at pagtuturo sa mga *CSENs*.

Si Ms. Rampas naman ang tumalakay sa mga paksang *Classroom Adaptations for Students with Special Needs and Learning Difficulties; Tips to Recognize Early Signs of Learning Difficulties of Children*, at ang *Children with Attention Deficit Hyper-Activity Disorder and the Roles of Parents and Society in Handling such Endeavors*. Pinangasiwaan din niya ang isang *demonstration teaching* para mataya ang antas ng kaalaman at kasanayang nakuha ng mga kalahok mula sa 2-araw na pagsasanay.

*(Sundan sa pahina 2)*

# BEST PDRRMC...

*(Mula sa pahina 1)*

at gawain para sa *disaster mitigation; emergency response; disaster response at recovery and rehabilitation*. Sa lahat ng lumahok, ang Camarines Norte lamang ay mayroong *Risk Reduction Management Plan*, mayroong aktibong PDRRMC at nakapagtatag ng *Provincial Government DRRM Office* at *training center*: ang Sanayang Pangkaligtasan sa Mat-I, Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte.

Ang Gawad KALASAG na ang kahulugan ay *KAlamidad at Sakuna LAbanan SAriling Galing ang Kaligtasan* ay isinasagawa taon-taon ng NDRRMC upang bigyang pagkilala ang mga kahanga-hangang mga nagawa ng mga lokal pamahalaan, gayon din ng mga pribado at boluntaryong samahan, mga paaralan, hospital sa pagtugon sa mga gawaing kaugnay ng *disaster prevention and mitigation; disaster preparedness; disaster response at disaster recovery and rehabilitation*.

Ang PDRRMC ng Camarines Norte na pinamumunuan ni Gob. Edgardo A. Tallado ay 2012 Regional Gawad Kalasag Award for the Search for Excellence in Disaster Risk Reduction Management and Human Assistance kung kaya ang parangal ngayong taon ay patunay na patuloy ang pagiging masigasig at tuloy-tuloy ng mga programa at proyekto ng pamahalaang panlalawigan para sa DRRM.

Kasalukuyang isinasagawa sa Sentrong Pangkaligtasan sa Mati-i Sto. Domingo, Vinzons ang isang *covered court* bilang panibagong pasilidad sa pagsasagawa ng mga pagsasanay at magsilbi ding *evacuation area*.

Sa nakaraang taon ang PDRRMC Camarines Norte ang kumatawan sa rehiyon 5 sa national search para sa Gawad Kalasag ngunit ayon kay Dr. Galvez lumabas sa ebaslwasyon na ang Sentrong Pangkaligtasan ng Camarines Norte ay kinakailangan pang masangkapan ng mga kinakailangang *disaster preparedness and monitoring equipment.*

Patuloy naman ang pagsusumikap ng gobernador na maipagkaloob ang P 11 milyon na hinihiling niyang pondo para sa mga *equipment* mula sa Office of Civil Defense. *j@c*

# RPOC meeting...

*(Mula sa pahina 1)*

ng Pangulong Benigno Simeon Aquino III kung kaya pinagtutuunan ng mga lalawigan na may usaping pang-kapayapaan, upang makamit ang totoo at tuloy-tuloy na kapayapaan.

Sa Camarines Norte, naipatupad ng pamahalaang panlalawigan ang 5 proyekto (P140 milyon) noong 2011 at 11 proyekto (P 20 milyon) noong 2012.

Ngayong 2013, may 2 proyekto sa Camarines Norte sa pamamagitan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *Department of Agriculture (DA)- PAMANA:*

*1) Livelihood Program*- Pagtatanim ng Mais sa 5 barangays - Maulawin, Basiad, Patag Ibaba, Patag Ilaya, San Lorenzo sa kabuuang 70 ektaryang lupain. P17 milyon ang pondo mula sa PAMANA at may kabahaging laan ang pamahalaang panlalawigan na P1.6 milyon

2)*Concreting of Farm to Market Road* (4.42 km earth gravel road) in San Lorenzo Ruiz Salvacion, San Ramon, San Isidro at Manlimonsito.

Sa ilalim ng DILG PAMANA, inuulat na 33 ang proyekto sa Bikol na kabilang pa rin ang Camarines Norte. Ang mga proyekto para sa Camarines Norte ay ipatutupad ng pamahalaang panlalawigan susog sa isang resolusyon ukol dito na sa pinagtibay din sa ginanap na RPOC meeting. Ito ay ang:

1) *Rehabilitation of Water Supply System in Barangay Tacad, Basud (* P 6 M)

*2) Construction of Bridges in Old Camp, Binawangan to Capalonga at Binawangan to Del Pilar* (P 20 M)

3) *Construction of Bridges in San Lorenzo Ruiz-Manlimonisto, Mampurog-Maisog, Langga, San Isidro* (P 20 M)

Sa ulat naman ng *Department of Social Welfare and Development, Region V ukol*, sa Bikol ay may kabuuang 183 proyekto noong 2012 at 288 proyekto ngayong 2013 sa ilalim ng PAMANA-KALAHI-CIDDS. Sa Camarines Norte, may 31 proyekto ang bayan ng Labo at 17 proyekto ang Capalonga noong 2012. Ngayong 2013, 52 proyekto sa Labo at 22 proyekto sa Capalonga.

Samantala, tanging sa lalawigan ng Sorsogon mayroong PAMANA sa ilalim ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR).*

Sa katanungan na kung ano ang ginagawa ng DENR sa pag-uuling sa Bicol National Park (BNP), sinabi ng kinatawan ng DENR na naglabas sila ng notisya sa pagpapaalis ng mga naninirahan sa BNP at sasampahan nila ng kaso ang hindi susunod.

Nagbigay impormasyon naman si G. Ernesto Pardo, Provincial Director ng Department of Trade and Industry CamNorte, na ang DENR ay nangampanya noon sa pagtatanim ng kawayan sa BNP bilang alternatibong kabuhayan ng mga namumutol ng punong kahoy. Sinabi niya na pwede nang pakinabangan ang mga yaon ngunit diumano ay hindi pinahihintulutan ng DENR. Ang tugon naman ng DENR ay kanila pang sinisiguro kung sino ang mga legitimong nagtanim. Nagpahayag naman ang DTI ng kanilang pakikiisa para sa pagkalakal ng mga kawayan

Tinalakay din ang Guidelines sa muling pagbubuo o pagpapanibago ng pamunuan ng RPOC.

Pangalawang pagkakataon ito, na dito sa Camarines Norte isinagawa ang pagpupulong ng RPOC na pinamumunuan ni Gob. Tallado. Siya ang kauna-unahang punong lalawigan ng Camarines Norte na nahirang sa naturang puwesto. ***JING A. CALIMLIM/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## Message of Gov. Edgardo A. Tallado 2nd Triennial Convention of Teachers August 29, 2013

First, I would like to express my sincerest gratitude to the Camarines Norte Teachers Association Incorporated for inviting me to welcome you all for this 2nd Triennial Convention. I know that for the past 62 years, the association has been instrumental in bringing forth the different programs and projects for the welfare of the educational sector and the community as well.

Under my resolute leadership, the Provincial Government has made significant stride to ensure that the youth will benefit from the best education the government could offer and at the same time provide support to the educators and the institution's management in many ways than one. My sentiment undoubtedly, is shared by the people behind the Department of Education and allied sectors who are here for the convention. I assure you, we shall continue to provide even better programs through the help of DepEd, other partner agencies and your association until my last term.

It is my solemn commitment to continue in carrying on the torch: of enlightened governance, ethical leadership and effective steering of the reign of government. This is my social contract with the people for which I am willing to push to its logical conclusion for the sake of genuine development and no nonsense prosperity of the province of Camarines Norte. This can only be achieved through our synergistic efforts and through an inclusionary brand of democratic advocacy where we use the available space for feedback mechanism and continuous grassroots dialogue so that the real needs of the people are properly addressed with quality service and timely proactive response.

The role of the educational sector is indispensable in achieving the development targets of my administration because it is through the educational sector that the Human resource of our province is harnessed and enhanced. I believe that the most important component of development is the human person and next only are the resources available in our province. And therefore, giving a high premium to education is next to none in my administration because it defines the contours of our development direction in poverty reduction, creation of employment opportunities, elevating the consciousness of the people to share the burdens of the development and connecting the development agenda with the requirements of uplifting the standards of society.

This will be a race, Ladies and Gentlemen. One which requires not of speed as per sprint demands, but that of a marathon of which humane- fortitude and unconditional service to the people prevail in the community we are deemed to serve. Let us make this happen. Let us put our collective resources, innate skills and old fashioned hard work together so that our constituents can reap the benefits of development the soonest possible time. We, as responsible stakeholders, are involved in this for the long run. I place my faith in everyone here as I continue to hope that this group live to achieve our goal; stay cohesive, efficient and effective as we communicated in our objectives.

Thank you very much and in behalf of the Provincial Government of Camarines Norte, I welcome you all!

# Kalusugang...

(Mula sa pahina 8)

*the Interior and Local Government. Ang DILG Regional Office at National Economic Development Authority (NEDA) ang katuwang na ahensiya ng DOH-CHD Bicol* sa naturang gawain.


Pinangunahan nila ang paglagda sa Pledge of Commitment Towards Attaining the Goals of "**Kalusugang Pangkalahatan"** na isa sa mahalagang gawain sa natapos na *health summit.*

Sa mensahe ni Gob. Tallado sa health summit sinabi niya na "Kailangan ang kooperasyon ng bawat isa upang maihatid ang tamang serbisyong pangkalusugan sa mahihirap nating kababayan." Idinagdag pa nito na ang pagtutok ng kanyang administrasyon sa sektor ng kalusugan ay isang hakbang upang mapabilang ang Camarines Norte sa kategorya ng first class provinces ng bansa. Nagpasalamat din siya sa DOH kaugnay ng mga programang ipinagkaloob nito sa Camarines Norte partikular na ang pondong inilaan nito para sa pagsasaayos ng mga pampublikong pagamutan sa buong lalawigan.

Magkatuwang na tumugon si Dir. Balboa, Gob. Tallado at Dr. Roxas sa mga katanungan ng mga *Municipal Health Officers* at mga *Councilor chairpersons* ng komitiba ng kalusugan ng Sangguniang Bayan ng bawat munisipalidad.

Layunin ng summit na makuha ang suporta at pangako ng mga pamahalaang lokal upang maisakatuparan ang mga planong pangkalusugan dito sa Camarines Norte bilang pag sunod sa programang nasyonal. Tinalakay din ang mga hakbangin at pangunahing plano na makatutulong para mapataas ang antas ng mga nagawang programa, proyekto at aktibidad para maabot ang MDG sa sektor ng kalusugan.

Isinasagawa rin ang *health summit* para ang mga bago at muling nahalal na *local government officials* sa Rehiyong Bikol ay maging pamilyar sa kasalukuyang *health agenda* ng pamahalaang nasyonal at ang mga implikasyon nito sa kalagayang pangkalusugan sa lokal na antas *(local health situations)* gayundin sa mga lokal na programa at planong pangkalusugan *(local health programs and plans)*. ***NORJEEN ABARCA/LORENA DELA TORRE-IBASCO***




LGU SCORE CARD—Si Dr. Myrna Roxas, Acting Provincial Health Officer sa pag-uulat ng accomplishment ng 12 bayan sa pagpapatupad ng mga programang pangkalusugan kaugnay ng Provincial Health Summit noong Agosto 27, 2013



Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# Regl. Peace & Order Council Meeting



Ang mga dumalo sa RPOC meeting mula sa iba't-ibang probinsiya sa rehiyong Bikol.. Ikalawang pagkakataon nang idinaos dito sa Daet sa pamumuno ni Gob. Tallado na kauna-unahang gobernador ng Camarines Norte na naging RPOC Chair



PAIGTINGIN ANG KAMPANYA LABAN SA DROGA– turan ni Gob. Tallado sa RPOC meeting. Mula sa kaliwa ay si Vice Gov. Jonah G. Pimentel, 902 2nd Brigade Commander TNL Col. Richard Q. Lagrana, Gov. Edgardo A. Tallado, DILG Regional Directotr Blandino M. Maceda

# Provincial Health Summit





Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang paglagda sa Pledge of Commitment Towards Attaining the Goals of "**Kalusugang Pangkalahatan"**













**Para sa Kalusugang Pangkalahatan–** Lumagda sa Pledge of Commitment ang mga dumalo sa Provincial Health Summit na sina (mula sa kaliwa): Mayor Dominador Davocol Jr. -Basud, Mayor Alex Pajarillo -Mercedes, Mayor Tito Sarion -Daet , SP Member Renee Herrera-SP Committee on Health Chairman, Vice Mayor Antonio Villamor-San Vicente, Mayor Senandro Jalgalado-Capalonga, Gloria Balboa, *Director IV ng DOH – CHD* Bicol at DILG Prov'l. Dir. Edwin Garcia,

# Turn-over Ceremony

Mula sa Kaliwang larawan sa ibaba Pagbibigay komendasyon sa mga natatanging opisyal at miyembro sa hanay ng kapulisan sa Camarines Norte. 2. Si Dr. Carlos Galvez, hepe ng PDRRO ay binigyan pagkilala 3. Ang pagbabasbas ng mga baril







# Talakayan sa Kahandaan sa Panganib

Ang *Provincial Disaster Risk Reduction & Management Preparedness* **(PDRRMP)** ng Camarines Norte ang naging tampok sa Talakayan sa PIA na isinagawa noong Hulyo 31, 2013, sa pagsasara ng National Disaster Consciousness Month sa buwan ng Hulyo.

Una ay ibinalita ni Dr. Carlos Galvez, hepe ng tanggapan ng PDRRM ang pagkakapanalo ng Camarines Norte sa iba't–ibang kategorya ng Gawad KALASAG. Ang Camarines Norte ang **BEST** PDRRMC **sa rehiyong bikol;** Camarines Norte National High School-*First Place sa Best School Urban Category*; DQ Liwag National High School- *First Place sa Best School Rural Category at* San Felipe National High School-*Second Place sa Best School Rural Category.*

Kasama sa panel ng talakayan si Teresita Orendain ng DQ Lwag High School na ngayon ay nasa Moreno Integrated School na; Mr. Ramon Avila mula sa DepED, Lt. Col. Michael Buhat ng Philippine Army, Si Sr. Insp. Gilberto Madrigal ng Bureau of Fire Protection (BFP) at Chief Inspector Arnulfo Silencio at Thelma Bardon. Si Rosalita Manlangit, ICM ng Philippine Information Agency (PIA) Camarines Norte Information Center ang tagapagpadaloy ng Talakayan.

Sa talakayan ay nabatid mula kay G. Galvez ang mga sumusunod na proyekto ni Gob. Edgardo A. Tallado.



ON-GOING CONSTRUCTION ng Covered Court sa Mat-i Vinzons kung saan matatagpuan ang Sentrong Kaligtasan. Ang pasilidad na ito ay magiging lugar para sa mga pagsasanay sa DRRM

Sinisimulan na ang pagtatayo ng covered court sa Mat-i Vinzons bilang isang lugar na pagdarausan ng mga pagsasanay sa Sentrong Kaligtasan; paglalagay ng automated weather station sa Jose Panganiban sa CNSC at sa Sanayan Pangkaligtasan; Earthquake and seismic equipment na itinatayo ngayon sa Paracale and Jose Panganiban; tsunami warning station sa Jose Panganiban na natapos na ang bidding; storm surge warning system for Daet, Vinzons, Mercedes, Jose Panganiban, at Paracale na ang rekomendasyon ay nailatag na sa JICA; water level gauge monitoring sa Bicol National Park (bridge )na pagtutulungan ng DOST at LGU.

Ayon pa kay Dr. Galvez, sinimulan ng kanyang tanggapan ang Mass Registration ng National Service Reserve Corp noong July 25, bilang pagpapalakas ng bolunterismo sa oras ng sakuna at panganib. Hinihikayat ang lahat ng NSTP graduates upang magparehistro upang mapabilang o maaccredit as community volunteer alinsunod sa Rep. Act. 10121. Ipadadala ang kanilang mga pangalan sa National Disaster Coordinating Council for Certificate of Accreditation like reserved force. May kaakibat itong pagsasanay na isasagawa ng PDRRMO upang sila ay maging ganap sa kahandaan sa panganib.

Isinusulong din nila ang kampanya sa hangarin ng gobernador na sa bawat pamilya ay magkaroon ng first aider upang maging handa sa agarang aksyon sa oras ng kalamidad at panganib. Patuloy din ang pagsasagawa ng Hazard Mapping.

Patuloy ang pagsubaybay ng PDRRMO sa mga pamahalaang bayan sa pagbubuo ng kanilang MDRRM Plan na tinatayang matatapos ngayong 2013 at gayundin ang mga baran-

(Sundan sa pahina 7)

# Pagdiriwang ng Buwan ng Wika muling binuhay ang Balagtasan

Sa pambansang temang 'Wikang Pambansa: Mahalagang Sangkap para sa Pagpapanibagong-Lakas ng Sambayanan' muling binuhay ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang Balagtasan sa pamamagitan ng isang paligsahan.

Sa may 22 nagtagisan ng husay sa Balagtasan, ang unang puwesto ay nakuha ng *Vinzons Pilot High School* na kinatawan ng mga estudyanteng sina David Philip I. Park, Rinson S. Sambas, at Louise T. Yanto at kanilang tagapagsanay na si Ms. Cherry P. Pitoy.

Sina Jaymar M. Tributo, Paul Nikko C. Alcaide at Ronalyn I. Alunday ng Gonzales Ascutia *High School* ang nakapag-uwi ng ikalawang puwesto sa gabay ng kanilang tagapagsanay na si Gng. Eden B. Molina. Pumangatlo rito ang Jose Panganiban *National High School* na kinatawan nina Marvin Velacruz, Lian Leiangela Padilla at Hernan Ronnel Ybarola sa patnubay ng tagapagsanay na si Ms. Cynthia B. Borja.

Mayroon ding patimpalak para sa Maikling Pagkukuwento na nilahukan ng mga mag-aaral sa hayskul, at ang Sabayang Pagbigkas para sa elementarya.

Naiuwi ng Tulay na Lupa *National High School* ng bayan ng Labo ang unang gantimpala para sa Maikling Pagkukuwento na nilahukan ng may 19 pang mag-aaral sa hayskul. Ito ay sa pamamagitan ng kanilang estudyanteng si James Bryan I. Vega na nagsanay sa ilalim ni G. Daniel B. Lanit.

Ang ikalawa at ikatlong gantimpala ay naiuwi naman ni Jasha V. Yasis ng Camarines Norte *College*-Labo, at ni Michael Salazar ng Basud *National High School* na ginabayan ng mga tagapagsanay na sina G. Lino B. Valencia at Mrs. Fe Laxina-Sales, ayon sa pagkakasunod.

Ang Talisay *Elem. School* na nagsanay sa ilalim ng mga gurong sina Jayne I. Luares at Lucy T. Abiera ang nanguna sa may 14 na lumahok sa Sabayang Pagbigkas. Ang ikalawang gantimpala ay nasungkit ng Daet *Elem. School* sa patnubay nina G. Ramil S. Percil at Gng. Marife S. Maderazo, at pumangatlo naman ang Tabugon *Elem. School* ng bayan ng Sta. Elena sa ilalim ng tagapagsanay na si Ms. Carmencita P. Anda.

Ang taunang pambansang selebrasyon ay alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 na ipinalabas ni dating Pangulong Fidel V. Ramos na nagtatakda sa buwan ng Agosto bilang Buwan ng Wikang Pambansa.

Alinsunod dito, isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang mga

(Sundan sa pahina 7)

# Prov'l Emission...

(Mula sa pahina 8)

ang mga behikulo/ traysikel pagkalipas na ng 2 buwan o higit pa.

Dahil dito, maraming drayber at opereytor ang hindi nakakapagparehistro at pinagbabayad ng multa. Higit sa lahat, pansamantalang natitigil ang operasyon ng traysikel kaya nawawalan ng kita ang mga drayber at opereytor at hindi natutustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Bilang tugon sa panawagan/kahilingan ng mga apektadong sektor, ang SP ay nagsagawa ng magkasunod na *public consultations* noong Agosto 27 sa Labo *Sports Complex* at Mercedes *Sports Complex*, at sa Daet *Central Terminal* naman noong Set. 28.

Pinamunuan ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang konsultasyon sa Labo na dinaluhan din nina Bokal Gache, Arthur Michael G. Canlas, Senen Jerez, Pamela Pardo, Labo *Vice Mayor* Jojo Francisco, *DTI Provincial Director* Ernie Pardo at *LTO Chief* Tomas Mancenido Jr.

Sa *public consultation* sa Mercedes, dumating sina Mercedes *Vice Mayor* Brenda King Salalima, Konsehal Ramil Apolinario, Kgd. Noel Sumido ng Brgy. 7, at Kgd. Reynaldo Teves ng Brgy. Manguisoc na pangulo rin ng Manguisoc *Tricycle Operators and Drivers Association (MATODA).*

Kinabukasan, idinaos ang konsultasyon sa Daet na dinaluhan nina Daet *SB Sec.* Jose P. Carranceja, at pangulo ng *FETODA*, *CANTRAFEJEMA*, *Jeepney Operators and Drivers Association* (Daet-Mercedes *Route*), at iba pa. Dumating din sina Bokal Reynoir Quibral, Bokal Romeo Marmol, Daet *Chief of Police* Victor Abarca at ilang interesadong grupo.

Ginawa ng SP ang naturang konsultasyon para makuha ang opinyon at saloobin ng mga apektadong grupo na gagamitin nilang batayan sa pagbalangkas ng mga susunod na hakbangin para maresolba ang naturang problema. **L. T. IBASCO**

# Queen Pineapple...

(Mula sa pahina 7)

*disease management, methods of propagation* at hanggang sa *post harvest management.*

Naisagawa ang pagsasanay sa pakikipagugnayan sa at pakikipagtulungan ng *LGU Camarines Norte*, *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DARFU 5)* at *Institute of Plant Breeding (IPB).*

Samantala, matatandaan na sa pamamagitan ng Manisan *International Trading (MIT)* sa Caloocan City, ang pinyang *formosa* ng Camarines Norte ay nailuwas sa bansang Korea noong Abril 2006. Itinampok din ito sa *Philippine booth* sa idinaos na *Hongkong Food Exposition* noong Agosto 17-21, 2006 sa *Hongkong Convention and Exhibition Center* sa *Wanchai, Hongkong*. ***jingcalimlim/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Queen Pineapple Production Technology dinayo ng mga Sorsogeños

Nakatawag-pansin sa mga Sorsogeño ang malaking potensyal ng ating pinyang *'Queen'* kaya ang may 32 magsasaka, *extension workers* at *farmer–leaders* nila ay dumayo rito sa Camarines Norte para pag-aralan ang ating teknolohiya.

Ang pinyang *'Queen'* o *Formosa* na itinuturing na pinakamatamis na pinya sa bansa ang nagpabantog sa ating lalawigan hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa ibang bansa man.

Sumailalim ang ating mga panauhin sa 3-araw na *Training Course on Cacao and Pineapple Production Technology* na ginanap sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol,* Daet na pinunduhan ng *LGU* Sorsogon.

Ang kalagayan ng industriya ng pinya sa lalawigan ay inilahad ni Ms. Marilyn C. Dasallas, *Aquaculturist II* na nakatalagang *Provincial Pineapple Coordinator* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg).*

Ang paksang *Pineapple Production Technology* ay tinalakay ni Mr. Inocencio Obrero, *Researcher on Pineapple* ng *Agricultural Program Coordinating Office-Department of Agriculture Regional Field Unit No. 5.*

Ibinahagi niya ang *soil* at *climatic requirements* ukol sa pag-aalaga ng pinya; pagpili ng uri ng binhing itatanim *(selection of varieties)*; paghahanda ng lupa *(land preparation)*, *weed management*, *fertilization*, *pest* at *disease management*, at *harvesting and post harvest management*.

Ang mga kalahok at ang *training management staff* ay bumisita sa taniman ng pinya ng Labo *Progressive Multi-Purpose Cooperative (LPMPC)* kung saan aktwal nilang nakita ang mga hakbang at paraan sa pagtatanim at pagpapayabong ng *'Queen' Formosa.*

Nagtungo rin ang grupo sa pagawaan ng mga *pineapple by-products* gaya ng papel, kard, barong, *Filipiniana dress*, at iba pa gayundin ang *pineapple food processing technology* sa produksyon ng suka mula sa pinya, *pineapple jam*, *pineapple jelly*, maliban sa iba pa. Sila rin ay nagkaroon ng aktwal na karanasan sa *leaf scraping* na isa sa mga proseso para makakuha ng hibla mula sa dahon ng pinya na ginagamit sa paghabi ng *piña cloth* na karaniwang isinusuot ng mga matataas na opisyal at popular na mga personahe sa mga espesyal na okasyon.

Ang *Cacao Production Technology* ay ibinahagi ng mga Sorsogeño sa pamamagitan ni *Agricultural Technician* Ronilo dela Peña ng *LGU* Sorsogon. Tinalakay ni dela Peña ang proseso sa pagtatanim ng *cacao* mula sa *cultural management practices*, *establishment of a new plantation*, *care and maintenance of trees*, *care of fruits and management*, *post harvest management*, commercial *nursery establishment*, *nutrient management of cacao*, *pest and*

*(Sundan sa pahina 6)*

# Mais na Gamot sa Diabetes, pararamihin



Ang *Training on Corn for Health* ay isinagawa kamakailan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* upang ipabatid ang kahalagahan sa kalusugan ng mais na *ipb var* 6 na tinaguriang *'food for diabetics'* dahil sa mababa nitong *glycemic index*.

Ayon kay *Acting Provincial Agriculturist* Francia Pajares ng *OPAg*, sinabi niya na ang mais na *IPB Var. 6* ang nagsisilbing kanin ni Sarangani *Congressman* Emmanuel 'Manny' D. Pacquiao na nagpapanatili ng enerhiya nito. Para sa mga baguhan, ipinapayo ng *OPAG* ang pagsasaing ng 70% dami ng regular na bigas at 30% dami ng mais na *IPB Var 6* at saka unti-unting bawasan ang bigas.

Ang mga magsasaka, *extension workers* at *farmer-leaders* mula sa 12 bayan ng lalawigan ang dumalo sa nasabing 2-araw na pagsasanay na idinaos sa *Department of Education (DepEd) Division Office*, Daet. Tinalakay rito ang iba't-ibang pamamaraan sa pagtatanim at pangangalaga ng mais na *IPB Var 6* para masiguro ang masaganang ani. Itinuro rin dito ang iba't-ibang paraan sa pagluluto ng pagkain gamit ang *IPB Var.* 6.

Humigit-kumulang sa 500 kilong binhi ng *IPB Var. 6* ang naipamahagi ng *OPAg* sa mga magsasaka sa 12 bayan ng lalawigan kung saan ang pinakamalaking bahagi ay napunta sa Brgy. Pambuhan, Mercedes; Sta. Cruz, Labo; at ilang barangay sa Jose Panganiban at Capalonga na may malawak na lugar na angkop pagtaniman nito. Aniya ang 10 sako o 200 kilong binhi ng *IPB Var. 6* ay nanggaling sa *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DARFU 5)* at ang iba ay mula sa *University of the Philippines Los Baños (UPLB)*.

Sa ilalim ng programa, ang ipinamigay na binhi ay isasauli o babayaran ng mga magsasaka ng kahalintulad na dami at uri ng binhi na siya namang gagamitin ng *OPAg* para maipamahagi sa ibang magsasaka; magpapaulit-ulit ang proseso hanggang dumami nang dumami ang makapagtanim.

Ayon pa kay *Acting PA* Pajares, noong Oktubre 2012 ay tumulong siya sa mismong pagtatanim ng binhi ng mais na *IPB Var. 6* pati sa pangangalaga at pag-aani man. Ang may 1,200 kilong binhi na naani nila pagkalipas ng 4 na buwan ay ipinamahagi ng *OPAg* sa isinagawang *caravan* sa unang bahagi ng taong 2013.

Sinabi rin ni *Acting PA* Pajares na inaprobahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang pondo para sa pagbili ng *OPAg* ng *corn mill* ngayong taon para sa maramihang produksyon ng *IPB Var. 6* kaugnay ng *food security program* ng Camarines Norte. Maliban pa dito, isa pang *corn mill* ang ibibigay ng *DARFU 5* sa ating lalawigan kung kaya ang 2 corn mill ay mahalagang *support facility* sa mga *corn farmers* na naghahanap ng mas mababang presyo sa pagpapagiling ng mais.

Ang *Training on Corn for Health* ay naisagawa ng *OPAg* sa pakikipagtulungan ng *Institute of Plant Breeding ng Department of Agriculture Regional Field Unit 5.* jingcalimlim/***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Talakayan sa Kahandaan...

*(Mula sa pahina 6)*

gay para sa kanilang BDRRM Plan.

Idinagdag din ni Thelma Bardon, Acting Assistant Provincial Planning and Development Coordinator na ang kanilang opisina ang nagsasagawa ng pag-aaral ukol sa hazard characterization; vulnerability and risk assessment based on different hazard upang maipabatid kung gaano nahaharap at delikado ang mga mamamayan at mga ari-arian, tulad ng Paracale na prone to rainfall induced landslide earthquake. Katuwang sila ng PDDDRM sa pagsasagawa ng DRRMP.

Ayon naman kay G. Ramon Avila, *focal person for disaster preparedness program ng* DepEd, sila ay nagsasagawa ng quarterly earthquake and fire drill. Itinuturo na din ang DRRM as a subject. Ngayong buwan ay nagsagawa din sila ng Symposium on Disaster Consciousness.

Ipinabatid naman ng BFP na sila ay mayroong responder: ang Special Rescue Unit sa Region na 24/7 ang operasyon. Nang magkaroon ng sakuna sa minahan sa Paracale ay kaagad silang rumisponde

Idinagdag ni G. Galvez na may tinatawag na response protocol na nagsisimula ito sa barangay, MDRRMC at PDDRMC.

Diumano sa nangyaring sakuna sa minahan sa Paracale, dumiretso sa BFP Special Rescue Unit at hindi dumaan sa PDDDRM ngunit naroon sila. Idinagdag pa niya na hindi totoong walang kakayahan ang bayan ng Paracale sa rescue sapagkat mga divers din nila ang nakakuha sa mga natabunan sa minahan.

Sa hiwalay na panayam sa radio ay ipinabatid din ni G. Galvez na masigasig ang punong lalawigan sa pakikipag-ugnayan sa Office of Civil Defense para sa mga DRRM projects tulad ng: P350 M para sa Seawall ng Jose Panganiban at Seawall ng Paracale at River Control ng San Isidro, Daet; P 11 milyon para sa mga karagdagang equipment na kailangan sa Sanayang Pangkaligtasan at P43 Milyon para sa Mantagbac River. ***Jing Arriola Calimlim***

# Pagdiriwang ng ...

*(Mula sa pahina 6)*

nasabing paligsahan dahil sa marubdob na pagnanais na patuloy na malinang, mapalawak at mapayabong ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng Wikang Pambansa. Ito ay sa pamamagitan ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan ng Pamahalaang Panlalawigan na pinamumunuan ni G. Abel C. Icatlo bilang *Museum Curator I* na pangkalahatang nangasiwa sa naturang mga gawain.

Si Gob. Edgardo A. Tallado nagpalabas din ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2013-19 na nag-aatas sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, kagawaran at ahensya ng pamahalaan, mga pribadong tanggapan, at lahat ng antas ng pampubliko at pribadong paaralan sa buong lalawigan ng Camarines Norte na gamitin ang Wikang Filipino – ang ating Wikang Pambansa – sa lahat ng opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa loob ng isang buwan. ***AIDA B. PANDEAGUA/ lorena dela torre ibasco***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Kalusugang Pangkalahatan ipinangakong isusulong sa lalawigan



LAGDA NG PANGAKO– Pumipirma ang mga Municipal Health Officers sa Pledge of Commitment Towards Attaining the Goals of "**Kalusugang Pangkalahatan**". Isa ito sa naging tampok na gawain sa isinagawang Provincial health Summit noong Agosto 22 sa New Bel-Air Resort Daet.

Naging mabunga at hitik sa kooperasyon ang isinagawang Provincial Health Summit sa Camarines Norte noong Agosto 27, 2013 sa New Bel-Air Resort Daet na una sa serye ng *health summit* na isinasagawa sa Rehiyong Bikol ng Department of Health-Center for Health Development Bicol *(DOH-CHD Bicol).*

Tampok dito ang *Accomplishment Score Card of Local Government Un*its (LGUs) sa pagpapatupad ng mga programang kalusugan batay sa *national target* sa ilalim ng *Millennium Development Goals (MDGs)* na inilahad ni Dr. Myrna Roxas.

Dumating si Gloria Balboa, *Director IV ng DOH – CHD* Bicol na nagalak sa pagdalo ng punong lalawigan at ilang punong bayan. Ayon sa kanya, positibong senyales ang pakikiisa ng gobernador at ng mga dumalong alkalde sa pagtitipon ito sapagkat naipababatid sa kanila ang mga suliranin at kaagarang nagagawan ng solusyon ang mga kinakaharap na balakid sa pagpupulong na katulad nito. "Napaka-importante ng ginagampanang *role* ng mga (lgus) dahil sila ang *main implementors* ng mga programa ng DOH", sabi pa ni Balboa.

Dumalo sa pagtitipon si Gob. Edgardo A. Tallado at mga punong bayan na sina Mayor Tito Sarion ng bayan ng Daet, Mayor Alex Pajarillo ng Mercedes, Mayor Dominador Davocol Jr. ng Basud at Mayor Senandro Jalgalado.

Naroon din si G. Edwin Garcia, Provincial Director ng *Department of*

(Sundan sa pahina 4)

# Bagong Patrol Car at mga baril tinanggap ng PNP CamNorte

Ang Basud Municipal Police Station ay mapalad na napabilang sa tatlong munisipalidad sa buong rehiyong Bikol na nabigyan ng bagong Patrol Car na isang *Toyata Innova.*

Samantala ipinamahagi naman ang tatlumpu't walong (38) Glock 17 (Gen 4) 9mm pistol sa mga pulis na pumasa sa pagsasanay sa pagpaputok ng baril, na naging basehan sa pagpili ng pagbibigyan nito.

Isinagawa ang *turnover at issuance* ng mga ito sa isang maiksing programa noong ika-19 ng Agosto sa Camarines Norte Provincial Police Office sa Camp Wenceslao Q. Vinzons sa pamamagitan ni Gob. Edgardo A. Tallado at PNP-OIC Provincial Director Moises Pagaduan.

Tampok din ang pagbibigay komendasyon sa mga natatanging opisyal at miyembro sa hanay ng kapulisan sa Camarines Norte.




Binabasbasan ni Rev. Fr. Neil Sureta ang patrol car para sa bayan ng Basud habang nakamasid sina (mula sa kaliwa) Dr. Carlos Galvez, Gov. Edgardo A. Tallado at Vice Ramor Ramir Barrameda ng Basud, PD Moises Pagaduan at iba pang opisyal ng PNP. Ang turnover ceremony ng Glock 17 GEN 4 Pistol at patrol car ay ginanap sa Camp Wenceslao Q,. Vinzons, Dongongan, Daet noong Agosto 19, 2013.

Kinilala rin bilang Civilian Awardees ang bumubuo sa *Provincial Disaster Risk Reduction Management Office* (PDDRMO) na pinamumunuan ni Dr. Carlos Galvez.

Sa kanyang mensahe sa nabanggit na programa ay pinaalalahanan ni PD Pagaduan ang mga tumanggap ng mga kagamitan na pangalagaan at gamitin ng tama ang mga ito upang lalong mapabuti ang serbisyo sa mamamayan.

Binigyan diin naman ni Gob. Tallado sa kanyang talumpati na mananatili ang kanyang dibdibang kooperasyon at walang sawang suporta sa kagawaran ng pulisya, ngunit idinagdag nito na hindi siya papayag kapag may umabusong pulis sa lalawigan.

Dumalo din sa nasabing seremonya si Vice Mayor Ramir A. Barameda bilang kinatawan ni Mayor Dominador Davocol Jr. at ang mga hepe ng iba't ibang istasyon ng pulisya sa lalawigan. ***NORJEEN ABARCA/jac***

# Prov'l. Emission Testing Center inendorso ni Gob. Tallado, SP kaagad umaksyon

Sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 3 s. 2013, hiniling ng *Federation of Tricycle Operators and Driver's Association, Inc. (FETODA, Inc.)* kay Gob. Edgardo A. Tallado na magtayo ng sariling *emission testing center* ang pamahalaang panlalawigan na ang serbisyo ay abot-kaya ng mga motorista.

Ang naturang kahilingan ay ipinaabot ng gobernador sa Sangguniang Panlalawigan (SP) sa pamamagitan ni *SP Member* Pol V. Gache na nagbigay ng kanyang *privilege speech* noong Agosto 6, 2013 bilang paunang aksyon sa panawagan ng *FETODA.*

Matatandaan na lumagda sa naturang resolusyon ang pangulo ng may 26 na *TODA* maliban lamang sa *CENTROTODA, SLRTODA* at *DITTODA* na ang mga pangulo ay hindi nakadalo sa regular na miting ng *FETODA* noong Hunyo 1, 2013 kung saan pinagtibay ang nasabing resolusyon.

Sinabi ng pamunuan ng *FETODA* na ang mga behikulo ay kinakailangang sumailalim sa *emission testing* bago makapagparehistro sa *Land Transportation Office (LTO)* alinsunod sa itinatakda ng *Clean Air Act of 1999.* Ngunit dahil sa hindi kaya ng iilan lamang na *emission testing centers* dito na i-*accommodate* ang lahat ng behikulo/traysikel, karaniwang naisasailalim sa *emission testing*

(Sundan sa pahina 6)